# PAGTUKOY SA PANDIWA SA KUWENTONG BINASA/ UGNAYANG SANHI AT BUNGA

*Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang makatutukoy ka na ng mga pandiwa sa kuwentong binasa, makapagsasabi na ng mga pangyayaring may ugnayang sanhi at bunga at makasusulat ng pagsusuri tungkol sa pagkakaugnay ng sanhi at bunga sa paraang patalata.*



## Pagbalik-aralan Mo

**A. Isulat sa sagutang papel kung ang pandiwang may salungguhit ay naganap, nagaganap o magaganap pa lamang.**

1. Panonoorin namin ang paglubog ng araw.
2. Nakita ko si Jun sa Ali Mall.
3. Tumatakbo ang mga bata.
4. Ang tatay ko ay nagtitiis sa banig ng karamdaman.
5. Uuwi ka ba?
6. Siguro ay sasama ka sa Surigao.
7. Talaga bang nakaalis na ang Nanay?
8. Humihingi ako ng baon sa nanay linggo-linggo.
9. Tutulong ba tayo sa nasalanta ng bagyo.
10. Nawala na lamang siyang bigla.

Iwasto ang iyong sagot. Ganito ba ang sagot?

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | magaganap | 6. | magaganap |
| 2. | naganap | 7. | naganap |
| 3. | nagaganap | 8. | nagaganap |
| 4. | nagaganap | 9. | magaganap |
| 5. | magaganap | 10. | naganap |

Tandaan: Higit na mahalaga na makilala mo ang mga pandiwa at magamit nang wasto sa iba't ibang aspekto nito.

## Pag-aralan Mo

Handa ka na bang bumasang muli ng kuwento?

Mababasa mo sa kuwento kung paano magmahalan ang mga Pilipino. Sa iyong pagbabasa, masasagot mo ang tanong na: Ano ang ibig sabihin ng pagbibigayan ng mga Pilipino kahit na walang okasyon?

Hanapin mo sa kahon sa ilalim ang angkop na kahulugan ng bawat salitang may salungguhit sa pangungusap.

Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.

1. Malusog si Nene dahil sa nahihiyang sa gatas na kanyang iniinom.
2. Maraming nabibiling pinasugbong nakalata sa Kabisayaan.
3. Matamis at malamukot ang dalang santol ni lola.

> a. malutong na saging na saba na pinagdikit ng arnibal na nasa latang sisidan
> b. makapal ang laman ng prutas
> c. tama sa katawan

1. ________
2. ________
3. ________

Tama ka kung ang sagot mo ay katulad nito.

# 1 ay c<br>
# 2 ay a<br>
# 3 ay b

Maaari mo nang simulan ang pagbasa…

**Tanda ng Pagmamahalan**

"Inay…! Inay…!" sabi ni Mila isang tanghali. "Heto po ang Kumareng Rita ninyo."

Dumungaw sa bintana si Aling Nelia. "Si Kumareng Rita nga."

"Kailan ka pa dumating, Mare?" tanong ni Aling Nelia. "Ang Kumpare, hindi mo ba kasama?"

"Noong makalawa ako dumating," sagot ni Aling Rita, "naiwan ang pare mo dahil hindi siya makakuha ng bakasyon mula sa trabaho. Pero susunod sa darating na linggo. Nauna ako dahil sa kailangang-kailangan ako ng mga kapatid ko sa paglutas ng problema namin sa mga lupang naiwan ng aming mga magulang."

Ganoon ba? Naku, Mare, ang taba mo ngayon!" sabi ni Aling Nelia. "Tila nahihiyang ka sa hangin sa Bisayas."

"Ikaw rin, e, ang taba mo rin!"

"Naku, lalo na ang Paring Reynaldo mo," tugon ni Aling Nelia. "Malusog na malusog ngayon. Nahihilig kasi sa paghahalaman, e. Alam mo, nakabili kami ng kapirasong lupa sa Plaridel, Bulacan. Doon naglalagi ang Pare mo. Inaasikaso ang mga puno naming namumunga, gaya ng papaya, saging, mangga, atis, tsiko, santol at kaymito."

"A, e lulusog nga si Kumpareng Reynaldo. Batak na batak pala ang katawan e, at saka laging nakakalanghap ng sariwang hangin."

"Naku, mamaya pa ang dating ni Pablito!" sabi ni Aling Nelia. "Maraming uwing prutas ang pare mo. Dapat matikman mo ang aming ani."

"Salamat, Mare," tugon ni Aling Rita. "Siyanga pala, Mare! Heto ang mga pasalubong ko sa inyo," at binuksan niya ang mga bag na kanyang dala. "Dinaing na bangus, hipon at sugpo. Ang pinasugbo ay para kina Mila at Pablito."

"Naku, mamaya pa ang dating ni Pablito!" sabi ni Aling Nelia. "May pagsasanay daw ang klase nila para sa nalalapit na palatuntunan para sa Pasko."

"Hindi bale, hindi pa naman ako aalis, e. Magkikita rin kami sa ibang araw."

"Naku, salamat, Mare! Pagka-iinam naman ng mga pasalubong mo sa amin."

Siyang pagpasok ni Mila dala ang bandehado ng mga bagong pitas na bungangkahoy.

"Aling Rita," sabi ni Mila. "Tikman po ninyo ang mga prutas na ani ng Tatay sa Plaridel. Matatamis po at malalaki ang bayabas. Malamukot at kakaunti po ang buto ng mga santol."

"Naku, para bang pagkasarap-sarap, a!" sagot ni Aling Rita. "Salamat nang marami. May dala akong pinasugbo para sa inyo ni Pablito."

"Paborito po namin ni Kuya Pablito ang pinasugbo. Salamat po, Aling Rita," sabi ni Mila.

"Sige, Mare, tikman mo na ang mga prutas," sabi ni Aling Nelia. "Kainin mo ang kaya mong kainin."

Nagkuwentuhan ang magkumare habang kumakain si Aling Rita.

Pagkatapos ng mahabang kuwentuhan, nagpaalam na si Aling Rita.

“Mare, pakidala mo na nga sa mga daratnan mo sa bahay ang laman ng dalawang bag na ito,” sabi ni Aling Nelia.

“Si Mare naman! Pinapalitan mo yata ang mga pasalubong ko sa inyo, a!”

“Naku, hindi!” sagot ni Aling Nelia. Talaga namang likas sa ating mga Pilipino ang pagbibigayan, a, hindi ba? Tanda iyan ng ating pagmamahalan.”

“O, sige na nga. Dadalhin ko na ito. Maraming-maraming salamat.”

“Salamat din sa dalaw mo at sa iyong pasalubong.”

Sagutin ang mga tanong. Isulat sa sagutang kuwaderno ang iyong sagot.

1. Ano ang sanhi ng paglalagi ni Mang Reynaldo sa Plaridel, Bulacan?
2. Ano ang naging bunga ng pagkahilig ni Mang Reynaldo sa paghahalaman?
3. Ano ang sanhi ng pagdating ni Aling Rita sa lugar nina Aling Nelia?
4. Ano ang naging bunga ng pagbibigay ng pasalubong ni Aling Rita sa damdamin ng kanyang Kumareng Nelia?
   Sa damdamin ni Mila?
5. Ano sa palagay mo, mabuti bang pairalin ang pagbibigayan kahit walang okasyon? Ipaliwanag ang sagot.

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

Ganito ba ang iyong sagot? Kung ganito, tama ka!

1. May nabili silang lupa sa Plaidel, Bulacan.
2. Naging malusog na malusog si Mang Reynaldo.
3. Upang lutasin ang problema nilang magkapatid tungkol sa minana nilang lupa.
4. Naging maligaya si Aling Nelia, gayundin si Mila.
5. Oo, sapagkat lalong nagkakalapit ang mga magkakaibigan. Ang pagbibigayan ng mga Pilipino kahit walang okasyon ay tanda ng pagmamahalan sa isa’t-isa.

Narito ang mga pangyayaring may ugnayang sanhi at bunga sa seleksyong binasa mo.

Tinatawag na sanhi kung ito ay nagsasabi ng dahilan ng pangyayari. Karaniwan itong sumasagot sa tanong na bakit.

Tinatawag namang bunga ng pangyayari kung ito ay nagsasabi ng kinalabasan o resulta ng pangyayari.

Tingnan mo ang pangyayaring sanhi at bunga sa unang kahon:

Malaki ang kinita ni Mang Reynaldo sa paghahalaman dahil sa kanyang kasipagan.

Sa titik A ng dayagram ang
Sanhi – ay kasipagan
Bunga – ay malaki ang kinita

Buuin mo ang dayagram titik B, C at D. Pag-aralan mo ang bawat pangyayari. Isulat sa nararapat na kahon ang sanhi at bunga ng bawat pangyayari.

Mga Pangyayaring Sanhi at Bunga

| | A | B | C | D |
|---|---|---|---|---|
| | Malaki ang kinita ni Mang Reynaldo sa paghahalaman dahil sa kanyang kasipagan | Malusog si Mang Reynaldo dahil laging nakakalanghap ng sariwang hangin | Naglalagi si Mang Reynaldo sa Plaridel Bulacan dahil nakabili sila ng lupa | Malusog na malusog si Mang Reynaldo dahil mahihilig sa paghahalaman |
| Sanhi | kasipagan | | | |
| Bunga | Malaki ang kinita | | | |

Ganito ba ang iyong sagot?

B
sanhi – nakalalanghap ng sariwang hangin
bunga – Malusog si Mang Reynaldo

C
sanhi – Nakabili ng kapirasong lupa
bunga – naglalagi si Mang Reynaldo sa Plaridel

D
sanhi – nahihilig sa paghahalaman
bunga – Malusog na malusog si Mang Reynaldo

Magaling ka! Magpatuloy ka.

## Isaisip

Ang sanhi ay nagbibigay paliwanag kung bakit naganap ang pangyayari samantalang ang bunga ay nagsasabi ng kinalabasan o resulta ng nagaganp na mga pangyayari.

B. Balikan mo ang kuwento. “Tanda ng Pagmamahalan” piliin ang pandiwang ginamit dito. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________
______________________________ ______________________________

Iwasto ang sagot.

1. sigaw
2. dumungaw
3. dumating
4. nakakuha
5. naiwan
6. susunod
7. binuksan
8. inaasikaso
9. aalis
10. tikman

Tama ba? Magaling!



## Pagsanayan Mo

**A. Isulat ang mga pangungusap sa iyong kuwaderno. Guhitan minsan ang sanhi at makalawa ang bunga ng pangyayari.**

1. Namatay ang mga isda dahil marumi na ang tubig sa ilog.
2. Marami ang nagtatapon ng basura sa ilog kaya sa kaunting pag-ulan ay umaapaw ito.
3. Kaya nasira ang kagandahan ng basura sa ilog, pinabayaan ito ng mga tao.
4. Dahil sa malinis, mabango at malinaw na tubig, marami ang namamasyal at naliligo sa Ilog Pasig.
5. Nangamba ang mga tao na tuluyan nang masira ang Ilog Pasig, kaya kumilos na sila bago mahuli ang lahat.

Kung ang sagot mo ay ganito, tama ka!

1. Namatay ang mga isda dahil marumi na ang tubig sa ilog.
2. Marami ang magtatapon ng basura sa ilog kaya sa kaunting pag-ulan ay umaapaw ito.
3. Kaya nasira ang kagandahan ng basura sa ilog, pinabayaan ito ng mga tao.
4. Dahil sa malinis, mabango at malinaw na tubig, marami ang namamasyal at naliligo sa Ilog Pasig.
5. Nangamba ang mga tao na tuluyan nang masira ang Ilog Pasig, kaya kumilos na sila bago mahuli ang lahat.

**B. Sumulat ng isang talata gamit ang ugnayang sanhi at bunga ng titik A.**

Gawin ito sa isang malinis na papel.

Ganito ba ang iyong pagkakasulat ng talata?  Kung ganito, tama ka!  Kung hindi, iwasto mo!

Noon malinis, mabango at malinaw ang tubig kaya marami ang namamasyal at naliligo sa Ilog-Pasig.  Kaya nasira ang kagandahan ng makasaysayang ilog, pinabayaan ito ng mga tao.  Marami ang nagtatapon ng basura sa ilog kaya sa kaunting pag-ulan ay umaapaw ito.  Namatay ang mga isda dahil marumi na ang tubig sa ilog.  Nangangamba ang mga tao na tuluyan nang masira ang Ilog Pasig, kaya kailangang kumilos na sila bago mahuli ang lahat.

**C. Tukuyin ang pandiwang ginamit sa talata sa titik B.**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | 5. | 9. |
| 2. | 6. | |
| 3. | 7. | |
| 4. | 8. | |

Inaasahang ganito ang magiging sagot mo…

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | namamasyal | 6. | Namatay |
| 2. | mahuli | 7. | nangamba |
| 3. | nasira | 8. | masira |
| 4. | nagtatapon | 9. | kumilos |
| 5. | umaapaw | 10. | pinabayaban |
| | | 11. | naliligo |

Tama ka ba?  Mahusay!  Magpatuloy ka.



## Subukin Mo

**A. Isulat sa inyong sagutang papel ang mga pangungusap sa ibaba.  Ikahon ang sanhi at bilugan bunga.**

1. Dahil magagaling ang mga batang mamamahayag, sila ay nanalo sa paligsahan.

2. Kailangan ng mga batang mamamahayag ang sipag at tiyaga upang sila ay magtagumpay.

3. Matagal na pagsasanay ang ginawa ng mga mag-aaral kaya maganda ang kinalabasan ng panayam sa senador.
4. Sapagkat ang pamamahayag ay mahirap na gawain, marami ang nag-aatubiling sumali sa pagsusulat para sa pampaaralang pahayagan.

5. Wala silang dapat ipangamba sapagkat anumang kontribusyon nila ay makatutulong sa mithiin ng paaralan.

Iwasto ang iyong sagot.

1. Dahil magagaling ang mga batang mamamahayag,

sila ay nanalo sa paligsahan.

2. Kailangan ng mga batang mamamahayag ang sipag at tiyaga

upang sila ay magtagumpay

3. Matagal na pagsasanay ang ginawa ng mga mag-aaral

kaya maganda ang kinalabasan ng panayam sa senador.

4. Sapagkat ang pamamahayag ay mahirap na gawain,

marami ang nag-aatubiling sumali sa pagsusulat para sa pampaaralang pahayagan.

5. Wala silang dapat ipangamba

sapagkat anumang kontribusyon nila ay makatutulong sa mithiin ng paaralan.

**B. Isulat ang mga pangungusap na nasa titik A sa anyong talata. Gawin ito sa iyong sagutang papel.**

____________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

Ganito ba ang iyong sagot? Magaling!

Kailangan ng mga batang mamamahayag ang sipag at tiyaga upang sila ay magtagumpay. Sapagkat ang pamamahayag ay mahirap na gawain, marami ang nag-aatubiling sumali sa pagsusulat para sa pampaaralang pahayagan. Wala silang dapat ipangamba sapagkat anumang kontribusyon nila ay makatutulong sa mithiin ng paaralan. Matagal na pagsasanay ang ginawa ng mga mag-aaral kaya maganda ang kinalabasan ng panayam sa senador. Dahil magagaling ang mga batang mamamahayag sila ay nananalo sa paligsahan.

**C. Piliin ang mga pandiwang ginamit sa talata. Isulat ito sa iyong sagutang papel.**

Iwasto ang iyong sagot.

1. nanalo
2. magtagumpay
3. ginawa
4. sumali
5. makakatulong

Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang modyul na ito.